


# Syphilis, patuloy pa ring dumarami ang

## Anong uri ng sakit ito?

Ito ay ang impeksyong dulot ng *Treponema Syphilis*. Naihahawa ito mula sa maliliit na hiwa sa balat o mucous membrane sa pamamagitan ng pakikipagtatalik. Dahil halos walang mga sintomas, ang sakit ay lumalala nang hindi man lang namamalayan. Gayundin, nahahawaan ng isang maysakit ang ibang tao nang hindi niya namamalayan. Nagkakaroon ng rashes at mga kulani sa bahaging nahawa (ari, puwit, bibig atbp.) mga 1 buwan matapos mahawaan, ngunit nawawala ang sintomas at kusang gumagaling sa loob ng ilang lingo kahit hindi gamutin. Ang sakit ay tahimik na lumalala nang hindi napapansin, at maaaring lumitaw ang mga abnormalidad ng puso, mga daluyan ng dugo, at mga ugat pagkatapos ng ilang taon hanggang ilang dekada. Maaaring magkaroon ng mga sintomas tulad ng pagkabulag at demensya. Bilang karagdagan, kung ang isang buntis na ina ay nahawaan ng syphilis, maaari itong mailipat sa fetus sa pamamagitan ng inunan, at magresulta ito sa panganganak ng patay, napaagang panganganak, pagkamatay ng bagong sanggol, at mga congenital disorder (congenital syphilis).

## Gaano karami?

Dumarami ang bilang ng kaso sa humigit-kumulang 1,700 bawat taon mula 2016 hanggang 2020, ngunit hanggang sa unang 48 linggo ng 2022, naiulat ang mga 3,400 kaso na doble nito at nakatala ng bagong record ng mataas na bilang.



Mula una hanggang ika-48 linggo ng 2022

## Paano ito naisasalin?

Ito ay naihahawa kapag direktang lumapat ang mga sekresyon na naglalaman ng mga pathogen (semilya, sekresyon mula sa ari, atbp.) sa dugo mula sa mucous membrane o sugat sa pamamagitan ng pakikipagtatalik. Maaaring mahawaan ka nang ilang ulit ng syphilis at makahawa sa iba nang hindi mo namamalayan.

## Paano ito maiiwasan?

Epektibo ang wastong paggamit ng condom para makaiwas sa sakit. Maaari ring maihawa ang sakit sa pamamagitan ng oral sex o anal sex. Mahalaga na gamitin ang condom nang tama para maiwasan ang impeksyon. Mangyaring magpasuri kapag nag-aalala.

# Syphilis Q&A

## Q Maaari ba itong gumaling nang kusa?

**A** Kahit nahawaan ka ng syphilis, maaaring walang sintomas, o kahit may sintomas sa balat, hindi ito sumasakit. Maaaring mawala ang sintomas nang hindi nagpagamot, ngunit hindi ito gagaling nang kusa at kailangang gamutin ito sa pamamagitan ng antibiotics. Sa pag-inom ng tableta, maraming inuming tableta sa bawat pag-inom at kailangang ng mahabang paggagamot.

Sa kasalukuyan, naaprubahan ang intramuscular injection ng penicillin at nagkaroon ng ibang opsyon maliban sa pag-inom ng gamot. Ang isang iniksyon ay sapat na kung ito ay maagang yugto pagkatapos masuri ang impeksiyon, kaya may kalamangan ito na mas madaling gamitin kaysa sa pag-inom ng gamot. Kapag hinahayaang hindi ipagamot, maaari itong magdulot ng malubhang pinsala sa ugat o puso, kaya napakahalaga ng maagang pagsusuri at maagang paggamot.

## Q Kapag nahawaan ka na ng isang beses, hindi ka na ba muling mahahawaan?

**A** Ang pagkahawa ng syphilis ay sinusuri ng doktor matapos tiyakin ang antibody sa dugo atbp. sa pamamagitan ng pagsusuri. May tiyak na dami ng antibody sa dugo ng nahawaan, ngunit hindi ito nangangahulugan na maiiwasan ang muling pagkahawa. Dahil dito, may posibilidad na muling mahawaan ng syphilis kung hindi ginawa ang wastong mga hakbang sa pag-iwas (paggamit ng condom, pagpapagamot ng kapartner atbp.).

## Q Hindi ba ako mahahawaan kapag gumagamit ng condom?

**A** Epektibo sa pag-iwas ng pagkahawa ang paggamit ng condom upang hindi magkaroon ng direktang kontak ang nahawaang bahagi at ang mucous membrane o balat. Gayunpaman, maaari ring magkaroon ng impeksyon sa bahagi ng balat na hindi natatakpan ng condom, at hindi masasabing maiiwasan nang 100% sa paggamit ng condom. Dahil maaaring nagkaroon ka na ng impeksyon kahit walang sintomas, kaya mangyaring magpasuri.

## Q Puwede ba akong magpasuri?

**A** Mangyaring magpasuri sa medical na institusyon kapag may mga sintomas.

Maaari kayong makatanggap ng pagsusuri sa HIV o syphilis nang hindi nagpapakilala at walang bayad sa Health Center at silid ng pagsusulit sa Tokyo. Gayundin, maaaring magpasuri para sa ibang mga sakit na nakukuha sa pamamagitan ng pakikipagtalik (mga impeksyon sa gonococcal at chlamydia) sa ilang Health Center. Ang pagsusuri ng dugo ay ginagawa upang masuri ang syphilis.

## Q Nag-alala ako na nahawaan ako ng syphilis. Saan ako puwedeng kumonsulta?

**A** Maaaring kumonsulta sa Health Center sa inyong tinitirahang lugar. At kung may sintomas, mangyaring magpatingin sa mga medikal na institusyon.